Internasyonal na Pahayagan ng mga Ina nang Panalangin

Ministeryo ng mga Kababaihan ng United Pentecostal Church Internasyonal

Oktubre 2014

Internasyonal na mga Ina nang Panalangin

Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang “Mothers of Prayer Intl.” ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.
Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.
Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38).

Manalangin ng walang patid

ni Cheryl Craft

Nakatakda sa isang pagsusuri sa hospital ang 8 taong gulang na si Lisa. Isang gabi bago ang pagsusuri niya,nakapanaginip ang kanyang tiyahin. Nakita niya na ang mga doctor na binumbomba ang kanyang dibdib upang buhayin siyang muli. Nagising ang tiyahingniya na umiiyak. Tumawag sya sa simbahan at humingi ng panalangin para sa kanyang pamangkin. Nanalangin sila nang buong magdamag. Kinaumagahan, naktanggap sila ng kasagutan. Kinansela ng magulang ni lisa ang pagsusuri sa ospital. Sila’y nanalangin hanggang may marinig silang kasagutan mula sa Dios.

Bilang mga tao, madali tayong sumuko at minsan nakukuntento tayong iwanan ang ating mga panalangin sa loob ng ating silid bago pa natin matanggap ang kasagutan sa ating mga hinihiling. May mga pagkakataon na hindi lamang isang minuto or panandaliang pananalangin ang nais ng Diyos mula sa atin ,kundi minsan nais din ng diyos na maglaan tayo ng mas mahabang panahon,kung minsan isang oras minsan isang araw at minsan habangbuhay.

Sa Lucas 11. 5-13 nagbigay ang Panginoong Jesus ng halimbawa sa isang matagumpay na panalangin. Ito ay kwento tungkol sa isang kaibigan na humingi ng tinapay sa kalagitnaan ng gabi, at kung paano sya nagpumilit at di ininda ang kahihiyan makamit nya lamang ang knyang hinihingi. Sa patuloy na pananalangin tinutulak natin ang mga hadlang at inilalagak natin sa kalooban ng Dios ang bawat bagay. Nilalabanan natin di lamang ang kaaway na si Satanas kundi maging ang ating mga sariling kalooban. Kung kaya’t di tayo dapat sumuko kundi magpatuloy hanggang matanggap natin ang kasagutan sa ating panalangin.

1. Paghadlang ni Satanas (Daniel 10:12)
Si Daniel ay nanalangin para sa kaunawaan sa isang pangitain sa loob ng 21 araw para sa kanya at knyang bayang Israel sa panahon ng kanilang pagkabihag sa Babylonia. Nang dumating ang anghel upang sabihin ang kasagutan kay Daniel, sinabi niyang dininig ng Dios ang kanyang panalangin sa unang araw pa lamang. Subalit

ang kaaway na si Satanas ay hinadlangan sya at siya'y nakipaglaban at ito ang dahilan kung bakit di agad natanggap ni Daniel ang katugunan sa kanyang panalangin. Ito'y magsilbing kalakasan sa atin na di tayo dapat huminto sa pananalangin hanggang di natin natatanggap ang ating hinihiling.

2. Sariling Kalooban
Tayong lahat ay nanalangin at patuloy na nananalangin di lamang para sa ating sarili kundi para din sa ating mga mahal sa buhay,ating mga kapitbahay o kaya para sa ating bansa. Kalakip ng ating panalangin ang ating mga sariling kalooban. Di tayo pinipilit ng Diyos na paglingkuran sya kung labag ito sa ating mga kalooban datapwat may mga mga sitwasyong di natin gusto na nagbibigay sa atin ng daan upang ilapit ang ating sarili sa Diyos.

Sa Exodo 17:11 mababsa natin kung paanong ang mga Israel ay nagtatagumpay laban sa kaaway kapag nakataas ang mga kamay ni Moses. Subalit kapag napapagod na sya at simulang ibaba ang kanyang mga kamay nadadaig sila ng kaaway. Ito'y isang magandang halimbawa kung paanong hindi tayo dapat manghinawa o mapagod sa pananalangin, ang Diyos ay nasa ating tabi kung di tayo susuko at makikita natin ang tagumpay sa pangalan ng Panginoon.

Marami sa atin ang nakakaranas ng ganitong uri ng labanan. Nanalangin tayo sa kaunting panahon at kapag naramdaman nating ito'y sapat na tayo ay humihinto. Hindi natin dapat hayaan na tayo'y makuntento sa sapat na. Dapat tayong magpatuloy sa panalangin gaano pa man kalaki o kahaba ang oras na ating ginugugol hanggang sa makamit natin ang kasagutan.

Si satanas ay maaring humadlang ganon din ang ating mga sariling kalooban subalit kung di tayo susuko at magpapatuloy at magtitiyaga sa pananalangin, matatangap natin ang ating hinihingi. Katulad ng tinuran ni Pablo sa 1 Tesalonica 5:16-18 magalak kayong lagi. Maging matiyaga sa pananalangin. Ipagpasalamat ninyo sa panagalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat iyon ang ibig ng Diyos.

Tala: si George atCheryl Craft ay mga “missionaries” sa Europe/Mid-East Region. Sila ay nasa ministeryong ito sa loob na ng “forty-three “taon. Siya ay nasa “Prayer Commission” at nakapagsulat na nang libro na may pamagat na “Drawing Near to God.” May dalawa sila ng anak na sila Dana at Laura.

Hayaan mong ang mga bata ay lumapit sa akin

ni Darla Sherry

Hunyo 27, 2011 nang ipinanganak ko ang anak na lalaki .Umaapaw ang kagalakan sa aming puso ng makita namin siya. Mahal na mahal namin siya.

Di nagtagal, ang aking isipan ay napuno nang pag-aalala, nang mga katanungan at kakaibang emosyon na di ko pa naramdaman sa buong buhay ko. Noong ako ay buntis pa lamang, palagi ko pinapanalangin sa Diyos na ang aking anak ay lumaki din na naglilingkod sa Diyos ng buong puso niya. Kahit na may pangamba ako dahil para bang hindi ako handa sa mga dadaan naming pagsubok,wala akong ideya kung paano ko siya tuturuan, papalakihin na may takot sa Diyos, pero alam ng Diyos ang laman ng puso ko..

Ang mga bata ay mahalaga sa ating Diyos. Ang sabi ni Hesus “Datapuwa't pinalapit sila ni Jesus sa kaniya, na sinasabi, Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata, at huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios”(Lucas 18:16) kahit na ang ating Diyos ay binanggit din na tayo ay maging katulad ng mga bata..

Bilang ina, responsibilidad natin na ipag-ayuno at ipanalangin ang ating mga anak. Nais ng Diyos na turuan natin sila ng kanyang mga sallita mula sa bibliya, manalangin, at mahalin ang Diyos , ang kanyang sambahan at ang tamang daan. Maaaring parehas tayo ng tanong, “Paano kaya? Ano ang dapat kong gawin? o kaya naman baka isasantabi na lang natin muna ito, at hayaan na lang dumating ang “tamang “ panahon. Mga ina, ngayon na ang tamang panahon! Ipanalangin na natin sila nang walang patid .Sapagkat pag tayo ay nanalangin para sa kanila, bibigyan tayo ng Diyos ng talino. Sinasabi sa Santiago 1:5 “ *Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya.”*

Maraming beses pakiramsdam ko ay pagod na pagod, nadidismaya, at nabubugnot na. Tinatanong ko ang sarili ko, tama ba itong ginagawa ko? Paano ko ba ito haharapin? Ano ang dapat kong gawin? Ngunit sa mga panahong ako ay ganon, ako ay binibigyan ng Panginoon ng direksiyon kung paano ko haharapin ang bukas. Tunay na binibigyan niya ako ng tunay na kapayapaan.

Kamakailan lamang, ang anak ko ay may sakit. Ang kanyang maliit na tiyan ay masakit na masakit daw. Kaya tinawag niya ang kanyang ama at sinabi niya na " papa, I panalanangin mo po ako! Kami ay madaliang nanalangin ng sama sama, ngunit ilang Segundo pa lamang ay sinabi niya" papa hindi ganyan! Utusan mo ang sakit na umalis sa aking tiyan! Ako ay napaluha sapagkat tunay na kumukilos ang Diyos sa aking mga panalangin. Siya ay kumikilos sa aking anak.

Mahalaga ang ating mga panalangin. Kailangan natin bigkasin ang pananampalataya sa kanilang buhay. Ipangaral ang salita ng Diyos. Kahit tayo ang nagluluto, manalangin. Kahit naglalaba, manalangin. at Kahit pa nagwawalis at nagpupunas ng sahig. Kahit saan tayo, kahit ano ang ating ginagawa , alalahanin natin na ipanalangin ang ating mga anak. Sila ay dumedepende sa atin, lahat ng ito ay mahalaga sa kanila.

Tala: Si Darla Sherry at asawang Jonathan Sherry, ang parehas nag se "serve" bilang representatives sa mga bansang Turkey, Syria, Iraq, at Jordan. Ang mga anak nila ay sila Karstan ,three years old. Si Darla ay musikero, mang-aawit, at isa ding coordinator ng Turkey and the Middle East. Siya ay lisensyadong mangangaral sa UPCI.

Manalangin ng manalangin

Ni Kathren Upchurch

Bilang ina, halos napakahirap ng makapaglaan ng oras para sa panalangin. Sa aking pastor na si Reverend James Johnson, at asawang Sister Mimoth Johnson, sila ay tumulong sa akin para malaman ko ang kahalagahan ng panalangin. Kung ano talaga ang kahulugan ng " Manalangin ng walang patid" (I Thessalonians 3:6). Parehas na silang wala subalit ang kanilang kuwento ay nasa aking puso. Ito ay panghabang buhay kong patutuo, kung ano ang nagagawa ng Mataimtim na Panalangin sa buhay ng ating mga pamilya.

Bago pa nakakilala sa Diyos si Brother Johnson , si Sister Johnson ay palagi nananalangin para sa kanila. Naglaan talaga siya ng oras para makapanalangin, kaya naman ang anak niya na si Joan ay kasabay niya din nananalangin. Pero ang bunso nila na si James ay ayaw , siya ay humihiga na kaagad sa tabi ng tatay niya.

Sabi nang nanay nila, halika anak, manalangin tayo, pero ayaw pa din ni james, hanggang sa ang tatay na nila ang nagsabi na, "sige na anak, sumama ka na manalangin sa kanila. Subalit laking gulat nila ng nagsalita si james at sinabing, " ang mga lalaki ay hindi lumuluhod para manalangin. At agad agad na sumagot ang nanay nila at sinabing, hindi anak, lumuluhod din sila. Halika manalangin tayo. Ngunit ang isinagot ni James ay." e bakit si papa hindi? " Isang salita lamang iyon ng bata subalit dahil sa salitang iyon nagbago ang tatay nila. Pinilit niyang magbago para magabayan ang anak niya na manalangin. At muling napatunayan ni Sister Johnson na kapag ipinapanalangin mo ang iyong pamilya, sila ay mas lalong lumalapit sa Panginoon.

Minsan iniisip natin na ang ibig sabihin ng " manalangin ng walang patid ay palagiang nakayukod ang ulo o subsob ang mukha ng buong araw. Nais lamang ni Pablo na turuan tayo na palagian tayo maniwala na ang lahat ng ating panalangin ay dinidinig ng Diyos. Na kung ano man ang mga bagay na pinapanalangin natin ay isapuso natin na ang lahat ng ito ay tutugunin ng Diyos.

Si Charles Spurgeon ay may magandang pananaw mula sa I Thessalonians 5:17 , kapag tinignan daw natin ang bersikulo bago ito at pagkatapos nito " magalak kayong lagi" ang mungkahi niya, paano tayo magagalak palagi? Ngunit ito ay sinagot ni Pablo sa susunod na bersikulo.

Palagian kayong manalangin! Kapag tayo ay nanalangin ng madalas, mas madalas tayo magalak at may galak. At di lamang nagtapos dun si Pablo, sabi niya pa. " sa lahat ng bagay tayo ay magbigay ng pasasalamat".

Kapag tayo ay nagagagalak at nananalangin, dun lumalabas ang pasasalamat galing sa kaibuturan ng ating puso, sa mga bagay na mayron tayo at darating pa. Ang panalangin at tila ba pandikit na humahawak sa “kagalakan at pasasalamat” sa ating buhay.

Sa pagpapalaki ng ating mga anak na mamuhay sa Diyos,kumapit lamang tayo sa ating pananampalataya. Maging masayahin at magalak. Palaging manalangin ng buong puso ay isip nang walang patid. Kung inaakala mo na ang iyong panalangin ay hindi mahalaga, sa Diyos ang bawat salita at isipin na iyan ay sinusulat niya at itinuturing niyang yaman.

Tala: Si Kathern Upchurch ay naglilingkod sa Illinois bilang Ladies President. Kasal sa mahal niyang si Roy, sila ay pastor sa Effingham, Illinois sa loob ng labing pitong taon. May tatlo silang anak at walong mga apo.

Mula sa Editor

Debbie Akers

Coordinator and Editor”

Ang Diyos ay patuloy na gumagawa ng makapangyarihang bagay!

Palagi na lamang aking layunin at pananaw,simula noong ako ay unang naatasan na simulan ang pahayagang ito na ito ay mabasa sa iba’t ibang wika. Napakabuti ng Diyos sapagkat nababasa na ito mula sa English , Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, aat Hungarian at tagalog. Maraming salamat kila Sisters Dianna Tuttle at Jerolyn Kelley at sa lahat ng mga nagsasaling wika kada buwan! Pati na rin kay Reverend Don Hanscom na nagsasaling wika ito sa Urdu, Hindi, Thai, Tamil,Sinhalese and Laotian! Naghananap kami ng “translator” sa polish, Romanian at Italian.

Mula sa direksiyon ni Sister Gwyn Oakes, “UPCI Ladies Ministries President”, para maisakatuparan ang ating misyon sa pagpapanalangin sa ating mga anak sa buong mundo, at sa pagsulong, tayo ay makikilala bilang Internasyonal na mga Ina ng Panalangin. Kami ay nagagalak at nananalangin na patuloy na pagpalain ng ating Diyos ang ministeryong ito – ni Debbie Akers,” UPCI, Mothers of Prayer Intl,

Pwede po kayong magpadala ng inyong mga patutuo o magandang balita.o ideya para sa ikakalago ng ministeryong ito. Ipadala lamang sa MothersOfPrayerIntl@aol.com or debiakers@aol.com

Mula sa mailbox

Purihin ang Diyos Sis. Akers, Nakakatuwa dahil maraming magandang nangyayari dahil sa “Mothers of Prayer”. Salamat sa iyong walang sawang paggawa para sa ministeryong ito. Ikaw ay isang pagpapala sa kaharian ng Diyos..pagpapalain ka pa lalo! -Pam Dobbs, LM President, Mississippi

Mula sa Argentina

Nais ko po humingi ng” Spanish translations” ng (MOPI newsletter). Ang mga kababaihan sa amin sa argentina ay gayundin ang nais. Salamat sa iyong tulong. Isang pagpapala ang mga artikulong ito.. -Miriam Sponsler, Missionary, Argentina

31 Biblikal na Birtud para sa ating mga anak(19-21)

19. Pagpapakumbaba -- "O Diyos, nawa ay hubugin mo pa ang aking mga anak na magpakumbaba sa lahat ng bagay." (Titus 3:2)

20. Pagkahabag-- ", Panginoon, nawa ay balutan mo pa ang aking mga anak ng pagkahabag sa." (Col. 3:12)

21. Responsibilidad -- " Nawa ang aking mga anak ay matutong maging responsible na tumayo sila sa sarili nilang mga paa.." (Gal. 6:5)

Isinumite ni Gwyn Oakes. Copyright Bob Hostetler (www.bobhostetler.com). Used with the permission of the author.

Ministry Links

Pentecostal Publishing House
Mothers of Prayer Intl
UPCI Ladies Ministries
Reflections
Today's Christian Girl
More to Life Bible Studies
World Network of Prayer
UPCI
My Hope Radio
Multicultural Ministries

Forward this issue



Unmasked..... $10
“Isang malinaw na repleksyon –katotohanan patungkol sa Body Art, Makeup, and Jewelry. Ang librong ito ay may pamagat na Unmasked, patungkol ito sa kung papano mapagtagumpayan ang daan patungo sa pagiging maka diyos.
To order call 314.837.7300 and ask for Jane Buford ‘